

#YOUTHINK

Ano'ng meron sa maling impormasyon?


Narinig mo na ba ang tungkol sa filter bubble?

Katotohanan VS Opinyon

Mga Liham mula sa mga Eksperto

**LABANAN
ANG FAKE
NEWS**

**MAY INFODEMIYA NGAYON
AT IKAW ANG NASA FRONTLINES!**



Lagi tayong nakababad sa internet. Marami nga sa atin, katabi na ang telepono sa pagtulog. Kaya naman, ito ang una at huli nating tinitingnan araw-araw.

Bakit nga ba tuwang-tuwa tayo sa internet?

Narito ang ilang dahilan:

- Nababalitaan natin ang iba't ibang pangyayari.
- Nakakausap natin ang mga kapamilya at kaibigan nasaan man sila sa mundo.
- Nakakadalo tayo sa virtual classes at nakakapagsaliksik.
- Nakaka-access tayo ng mga palabas, laro, kanta, at libro.

Pero alam mo bang mapanganib din ang internet? Hindi lahat ng nakikita, nababasa, at naririnig online ay totoo. Kahit sino ay puwedeng gumawa ng pekeng impormasyon tungkol sa ano man at sino man—tungkol man sa napupusuan ng paborito mong artista o sa isang táong nakatuklas di umano ng gamot sa cancer.



Mapanganib ang maling impormasyon. Kapag naging viral ang isang pekeng larawan o video, puwede itong makasira ng reputasyon o magdulot ng cyberbullying. May mga email at website din na mukhang inosente pero kumukuha pala ng sensitibong impormasyon.

Ayon sa Merriam-Webster, ang "infodemic" o infodemya ay mabilis at malawak na pagkalat ng tumpak at di-tumpak na impormasyon. Sa dami ng impormasyon ngayon, paano ba natin mapapag-iba ang totoo sa hindi?

Sa librong ito, matutuhan natin ang sumusunod:

- Ano ang pekeng impormasyon?
- Paano natin ito makikilala?
- Bakit may gumagawa at nagpo-post ng fake news o pekeng balita?

- Bakit napapaniwala at nagse-share ng pekeng balita ang matatalinong tao?
- Ano ang puwedeng gawin para hindi mabiktima ng pekeng impormasyon?

Makakaligtas tayo sa infodemya kung palalakasin natin ang tamang impormasyon. Sa pamamagitan nito, magiging bahagi tayo ng solusyon kaysa ng problema.

Kapag alam mo ang dapat gawin sa pekeng impormasyon, makakatulong ka sa paglikha ng ligtas na internet para sa iyo at sa iba pa.



Mensahe ng Editor

1
Maling Impormasyon

2
Ang iba't ibang anyo ng maling impormasyon




8
Isang Halimbawa



10
Ano'ng meron sa pekeng impormasyon?



12
Ang filter bubble



13
Mga ginagawa ng tao sa internet na puwede mong ikapanganib



16
Mag-ingat sa pekeng larawan!
Alamin ang pinagkaiba



17
Mahalaga ang konteksto



18
Ano ang salitang ito sa Ingles?

20
Bakit may gumagawa at nagse-share ng pekeng impormasyon?



23
Huli ka!
Paano matutukoy ang pekeng impormasyon

25
Fact vs Factual Statements vs Opinyon



30
Mga Liham mula sa mga Eksperto

Politika Kalusugan
Siyensya Media

MALING

Kung nagtataka ka kung bakit napakalaking bagay ng maling impormasyon ngayon, 'yan ay dahil malaki naman talaga itong bagay.

IMPORMASYON

PERO ANO
NGA BA ITO?

Ang maling impormasyon ay iba't ibang uri ng hindi wastong impormasyon—o impormasyong walang katotohanan.

Saklaw nito ang iba't ibang paksa—mula sa mga bagay tungkol sa iyo o sa iyong kaibigan, hanggang sa mga seryosong usapin tulad ng politika, climate change, at kalusugan.

Nakita ka ng kuya ko sa mall kanina! :)

Hindi totoo 'yan!

Nasa bahay lang ako para makaiwas sa coronavirus.

ANG IBA'T IBANG ANYO NG MALING IMPORMASYON

PRES. ANG

Sadyang nanlilito ang mapanlinlang na impormasyon at nagbibigay ng maling ideya tungkol sa isang tunay na bagay.

1 Mapanlinlang o wala sa konteksto

Puwedeng totoo ang impormasyon pero ginamit ito sa maling konteksto.

Nalilito ka na rin ba? Tingnan ang pamagat sa itaas bilang halimbawa. Kung babasahin ang pamagat at larawan, iisipin mong nagbitiw na ang presidente at pinabayaan na niya tayo. Kahit totoong umalis ang presidente sa palasyo ng Malacañan, wala sa lugar ang pagkabahalang nilikha ng pamagat ng balita. Dahil ang totoo, lumipat lang ang presidente sa Bahay Pangarap, isang bahay na nasa loob ng Malacañang Park. May ilang presidente na rin ang piniling tumira dito.

fact-check

kumpirmahin gamit ang mga resibo, tulad ng mga kumpleto at orihinal na dokumento o record (video o audio) ng isang pangyayari

INABABANDONA MALACAÑAN



Sige at i-fact-check mo ito!

Madalas, isinusulat ang mga pamagat ng balita para makapukaw ng pansin. Sino ba naman ang ayaw malaman kung bakit umalis ang presidente sa Malacañan? Kaya naman mahalagang basahin ang buong balita at hindi ang pamagat lang.

Puwede rin itong mangyari sa 'yo. Kayang paglaruan ng iba ang sinabi o ginawa mo para makalikha ng bagong kahulugan na malayo sa tunay na konteksto.

Halimbawa, nakakita ka ng post tungkol sa pananakit sa hayop, at dahil gusto mong ipahayag ang pagtutol mo rito, nagpasya kang i-share ang post na ito na may sarkastikong caption na: "Ang cute naman." Puwedeng i-screenshot ito ng iba, i-share ang screenshot, at akusahan kang natutuwa sa pagpapahirap sa hayop. Dahil dito, huhusgahan ka na ng mga taong hindi ka naman kilala, kahit ipaliwanag mo pang panunuya lang ang sinabi mo.

Nakakainis isipin na hindi natin laging magawa o masabi ang gusto natin, pero mahalagang mag-ingat online dahil marami na ang nakakalimot gawin ito. Kailangan nating bantayan ang ginagawa o sinasabi natin, at isipin kung paano ito tatanggapin ng ibang tao.

2 Balitang nilikha para manlinlang

Uri ito ng balita na isinulat para kumita, manlito, at mambahala. Pawang kasinungalingan ang laman nito!

Mababasa ang balitang ito sa websites na nagpapanggap bilang propesyonal na tagapagbalita. Madalas, may kasama itong dinaya na video o larawan.

Mahirap kilalanin kung ano o sino ang dapat pagkatiwalaan, lalo na ngayong napakadali nang gumawa ng online content—gaya ng artikulo, video, o larawan—totoo man ito o peke.

Iba't iba ang dahilan ng kasinungalingan at pekeng balitang gawa ng mga organisasyon, negosyo, manunulat, o iba pa:

- **Manira.** Ginagawa ito para magmukhang masama ang isang tao, o gawing kaduda-duda ang reputasyon o sinasabi niya. Madalas itong makita sa politika at showbiz. Naglalabas ng pekeng impormasyon ang magkakalaban para manira ng ibang tao o ibang panig. Dumarami ito kapag malapit na ang eleksyon!
- **Magbenta.** May mga negosyong naglalabas ng mga pekeng papuri at di-makatotohanang bisa ng produkto nila para bumili ka, sumali, at ibigay mo sa kanila ang pera mo.
- **Phishing.** Papapuntahin ka sa delikadong website para makuha ang impormasyon mo o malagyan ng virus ang kompyuter mo.

Puwede ring walang dahilan. Baka wala lang silang magawa sa buhay!



deceptive

nagsisinungaling para sa sariling pakinabang

4 Pagsusulat at pagbabalita may kinikilingan

*Hindi laging patas ang balita.
Puwedeng may pinapanigan ito.*

Hindi patas ang balita kapag ipinapakita lang nito ang isang panig ng pangyayari.

Sa responsableng pag-uulat, ipinakikita ang lahat ng detalye at anggulo ng isang balita—mabuti man ito o masama. Kapag may kinikilingan ang isang balita, ibig sabihin ay hindi nito sinasabi ang buong katotohanan.

Puwedeng hindi ito sadya. Halimbawa, may mga manunulat na sobrang naniniwala sa isang bagay, hindi na nila namamalayang hindi na pala patas ang kanilang pagbabalita. Tao lang din ang mga mamamahayag na may sariling pananaw.

Para maiwasan ang hindi patas na pagbabalita, sinusuri ng mga propesyonal ang impormasyong gagamitin nila. Tinitiyak nilang naglalahad ng buong katotohanan ang inuulat nila. Kapag may mga impormasyong hindi sigurado, sinasabi nila ito sa mambabasa sa pamamagitan ng mga salitang tulad ng “di umano.”

Halimbawa, sasabihin ng propesyonal na food critic kung ang pagkaing nire-review niya ay ibinigay sa kanya nang libre, o kung may personal na relasyon siya sa may-ari ng negosyo. Ito ay para matimbang mo kung ang magandang review niya ay bilang pabor o pasasalamat lang sa nagbigay ng pagkain.




Sa susunod na makabasa ka ng review tungkol sa isang bago at magandang app na parang masyadong maraming ipinapangako—malamang ay hindi ito totoo!

Magbasa ka pa tungkol dito at magtanong sa mga kaibigang nasubok na ang app. Baka binayang advertisement pala ang nabasa mong artikulong puro papuri. Ibig sabihin, hindi ito patas!

Laging tanungin ang sarili:

- Naglahad ba ng iba't ibang panig ang artikulo?
- Sobra ba itong makapuri o makapuna?
- Binabanggit at mapagkakatiwalaan ba ang mga sanggunian nito?
- Verifiable ba ang artikulo? (Puwede mo ba itong ma-fact-check?)
- Ibinabalita ba ng ibang pahayagan ang tungkol dito?



Ito ang mukha ng
climate change...
o baka hindi.



THIS IS WHAT A STARVING POLAR BEAR LOOKS LIKE.

TOTOO
BA?

Noong Disyembre 2017, naglabas ang National Geographic ng video ng isang polar bear na buto't balat, hirap sa pagkilos, at parang bigat na bigat sa sarili. Kuha ito ng photographer na si Cristina Mittermeier. Sabi niya, gusto niyang makakuha ng imaheng hihimok sa mundo na labanan ang climate change.

Nilapatan ng malungkot na musika at sinamahan ng caption na “This is what climate change looks like,” nag-viral ang video na ito. Mahigit 2.5 bilyong tao ang nakapanood nito sa website ng National Geographic. Marami ang nagulat sa di umano’y epekto ng climate change sa polar bear.

Pero may problema rito. Walang patunay na climate change ang dahilan ng nangyari sa polar bear. Puwedeng may sakit lang ito o impeksyon. Hindi tumpak sabihing ang tanging sanhi ng lagay ng polar bear ay climate change. Dahil dito, napuna ang National Geographic at napilitan silang humingi ng paumanhin. Binago nila ang caption ng video at ginawang: “This is what a starving polar bear looks like.”

Sa paliwanag ni Mittermeier, “Marahil nagkamali kami sa hindi pagsabi ng buong kuwento—na naghahanap kami ng larawang nagpapakita ng ating kinabukasan at hindi talaga namin alam kung ano ang nangyari sa polar bear na ito. [...] Hindi ko alam kung climate change ang dahilan ng pagkagutom ng bear sa video, pero ang alam ko ay umaasa ang polar bears sa sea ice platforms para makahuli ng pagkain.”

Umamin din ang editor ng National Geographic, “Sa opening caption ng viral video noong Disyembre 2017, sumobra ang National Geographic sa pagpapakita ng depenetibong koneksyon ng climate change sa nagugutom na polar bear.”

Ito naman ang sinabi sa Tala ng Editor sa National Geographic: “Kahit napatunayan na ng siyensya na matibay ang ugnayan ng climate change at pagkatunaw ng sea ice at pagkaubos ng polar bears, hindi natin matitiyak ang tunay na dahilan kung bakit nasa bingit ng kamatayan ang polar bear sa video.”

Totoo, at nakakatakot, ang epekto ng climate change sa mundo at sa mga nilalang dito. Pero tama bang higitan ang katotohanan, lalo na ng isang pinagkakatiwalaang organisasyon tulad ng National Geographic? Katanggap-tanggap ba ang pekeng balita kung ang hangarin ay pumukaw ng pansin laban sa climate change?


Ano sa palagay mo?
Tama ba ang baluktot na
paraan kung mabuti
ang layunin?



ANO'NG MERON SA PEKEN

Parang apoy, mabilis itong kumalat sa internet. Ilang segundo lang ang kailangan.

Narito ang isang sitwasyon na pamilyar sa ating lahat:



CLICK!



SNAP!



WHOOSH!



CLICK!



SNAP!



CLICK!
CLICK!



CLICK!
CLICK!



SNAP!
SNAP!

WHOOSH!

1 Nag-tweet ng pekeng impormasyon ang isang sikat na tao.


2 Ire-retweet ito ng libo-libong tao.

3 Isi-screenshot ang retweets na ito.

G IMPORMASYON?

Ilang pindot lang sa telepono ang kailangan para ipakalat ang peke at mapanganib na impormasyon sa milyon-milyong tao.

Kapag kumalat na ito, mahirap na itong pigilin.



4 Ipadalala ang screenshots sa chat.

5 Isusulat ulit ang pekeng impormasyon sa Facebook at Instagram.

6 Hindi mamamatay ang pekeng impormasyon.

IPINAPAKILALA

ANG FILTER BUBBLE™

LIBRE SA BAWAT SOCIAL MEDIA ACCOUNT

Maingat na inilista ng Facebook, Instagram, Twitter, at iba pang social media platforms ang mga bagay na gusto mong pag-usapan o i-share para maipakita nila sa iyo ang marami pang tulad nito. Halimbawa, alam ng Facebook na mahilig kang mag-like ng mga larawan ng pusa, kaya naman magpapakita ito sa iyo ng marami pang larawan ng pusa. Purr-fect!

Gamit ang Filter Bubble, ikaw ay:

- Makakakita lang ng content na katugma ng iyong mga hilig, paniniwala, at kinikilingan!
- Hindi makakakita ng iba't ibang ideya at opinyon!
- Malilimitahan ang pagtuklas sa ibang bagay!

Ngunit kung iisipin...

- Nakakabuti ba ang Filter Bubble?
- Paano kung nakulong ka na rito... habambuhay?
- Paano kung lahat tayo ay nasa Filter Bubble oras-oras?



MGA GINAGAWA NG TAO SA INTERNET NA PUWEDENG MONG IKAPANGANIB

*Bantayan ang
mga panganib
na ito para sa
ligtas na panahon
online.*

Phishing

Nangyayari ang phishing kapag nakatanggap ka ng email mula sa isang nagpapanggap na kompanya o kaibigan. Hihingian ka ng personal na impormasyon mo, tulad ng username, password, o numero sa telepono. Kadalasan, tungkol ang phishing emails sa isang problemang teknikal o panseguridad sa account mo, o premyo daw na napanalunan mo! Para malunasan ang pekeng problema o makuha ang pekeng premyo, magbibigay ang phishers ng link o attachment na kailangan mong i-click o i-download.

1. Madadalian ang mga phisher na kunin ang personal mong impormasyon at gagamitin ito para i-hack ang accounts mo.

Kabilang dito ang mga account sa bángko. Kaya naman mahalagang balaan ang mga magulang mo sa phishing emails. Baka may matanggap silang email na mukhang galing sa bángko at hinihingi ang username at password nila para mag-“verify” ng accounts nila. Kapag kinagat nila ang

scam na ito, kaya nang kunin ng phisher ang pera nila sa bángko.

2. Puwedeng ma-infect ng malware (malicious software) ang kompyuter mo. Ang mga virus na ito ay nagbubura ng files, nagnanakaw ng passwords, kumukuha ng personal na impormasyon, at sumisira ng kompyuter.

Kaya mag-ingat at mag-isip bago mag-click!






Mga Pekeng Larawan

Sa panahon ngayon, hindi mo na kailangang maging propesyonal na photo editor para maging mas maliwanag, mas madilim, ma-crop, o ma-adjust ang larawan mo. Puwede na itong gawin nino man gamit ang photo editing tools online. Dahil sa mga ito, kahit na kaunti lang ang alam mo sa photo editing ay kaya mo nang i-edit ang profile pic mo na mukhang nasa Antarctica ka habang pandemya.

Káya ring mag-photo edit ng mga nagkakalat ng pekeng impormasyon. Ginagawang mas kapani-paniwala ng pekeng larawan ang pekeng balita para mas i-share ito online. Káya ring impluwensiyahan ng mga pekeng larawan ang opinyon ng publiko o magdulot ng pagkabahala.

authentic
orihinal, kumpleto,
at eksakto



Deepfakes

Ang “deepfake” ay isang video o audio recording na nagawa gamit ang artificial intelligence (AI). Nagpapakita ito ng mga totoong tao na kumikilos o nagsasalita kahit hindi ito kailanman nangyari. Kakaiba, hindi ba?

Habang umuunlad ang teknolohiya natin, mas dadami pa ang mga ganitong video na ang hangarin ay manlinlang at magpakalat ng pekeng impormasyon.

Paano kaya kung may kumakalat na deepfakes ng idolo mo? Ng mga presidente at patay na tao? Mapanganib ang mga posibilidad at magiging epekto nito kung hindi natin lalabanan ang iresponsableng paggamit ng teknolohiya!

MAG-INGAT SA

PEKENG LARAWAN

Alamin ang pinagkaiba!



Maraming mga pekeng balita ang gumagamit ng mga larawang dinaya gamit ang Photoshop o kinuha sa website na wala namang kaugnayan sa balita.

MAHALAGA ANG KONTEKSTO

Ang konteksto ay mga detalye ng isang pangyayari, pahayag, o ideya.
Nakakatulong ito para maibigay ang buong sitwasyon ng balita.



Halimbawa, kapag may nagsabi sa nanay niya ng **“Hindi ako nagsabi pero lumabas ako kagabi kasama ng mga kaibigan ko,”** ang magiging reaksyon ng nanay ay depende sa konteksto. Mas mag-aalala siya kung ang anak niya ay 10 taong gulang pa lang kaysa kung 24 taong gulang na ito.

ANO ANG MGA SALITANG ITO SA INGLIS?

PABABA

- 1 Nagpapakita ng mga content na nakakulong sa mga hilig, pananaw, at paniniwala
- 2 Tunay, tama, at tumpak; hindi peke o kinopya
- 3 Maaasahang gagawa ng tama at dapat; mapagkakatiwalaan
- 6 Mapanlinlang at di-totoong impormasyon
- 8 Pekeng balita na inilathala bilang katatawanan o para pagtawanan ang isang tao o pangyayari
- 10 Hindi totoo; isang kilos o mensahe na ginawa para manloko o manlito
- 13 Kapani-paniwala; binibigyan ka ng mga ebidensya para patunayan ang sinasabi nila
- 15 Mga video na gumagamit ng artificial intelligence para manloko; nagpapakita ng mga totoong tao na gumagawa ng mga bagay na hindi naman nila ginawa

PAHALANG

- 4 Bagay na kayang patunayang totoo o wasto
- 5 Isang pagtatangka na i-scam o lokohin ka para makuha ang mga personal na impormasyon mo; karaniwang ginagawa gamit ang peke o nagpapanggap na emails, ads, o sites
- 7 Dahilan kung bakit ginagawa ng isang tao ang isang bagay; intensyon
- 9 Madamdaming online posts o ads na ginawa para mang-agaw ng pansin at magtulak na i-click mo ang isang link o webpage
- 11 Isang tao o bagay na nagbibigay-impormasyon
- 12 Mga detalye o halimbawa na magpapatunay kung totoo o hindi ang isang bagay
- 14 Isang pagtatangka na manloko para kumita ng pera o makakuha ng ano mang bagay na may halaga

Narito kaya sa sumusunod ang mga sagot? Hmm...

PHISHING
UNREAL
AUTHENTIC
TRUSTWORTHY
CREDIBLE
EVIDENCE
DECEPTIVE
DISINFORMATION
FILTER BUBBLE
PROOF
VERIFIABLE
DEEPFAKE
SPYWARE
MOTIVE
SATIRE
OUTRAGEOUS
SOURCE
SCAM



9 C L I C K B A I T

BAKIT MAY GUMAGAWA AT NAGSE-SHARE NG PEKENG IMPORMASYON?

Bakit nga ba may mga taong gumagawa ng pekeng impormasyon? Karaniwan ay dahil kumikita sila rito!

Pinakamasama rito, puwedeng gamitin ang pekeng impormasyon para mang-phish o magnakaw ng impormasyon at pera.

Sa advertising, napagkakakitaan ang mga peke at gawa-gawang kuwento na puwedeng mag-viral.

Binabayaran din ng mga kompanyang gustong mag-advertise ang mga may-ari ng websites na may maraming likes, shares, at reactions—peke man o totoo ang laman nito. Ganito rin ang nangyayari sa mga balita.

Kapag mas marami ang nagki-click sa isang balita, mas lumalaki rin ang kita ng online publishers sa advertising.





Puwedeng gamitin ang pekeng impormasyon para manlito o sadyang manloko.


- Gusto nilang manalo ang isang kandidato sa eleksyon, o pasamain ang isa pang kandidato.
- Gusto nilang sirain ang pangalan ng isang tao.
- Gusto nilang isulong ang paniniwala o ipinaglalaman nila.
- Gusto nilang siraan ang kalaban nila sa negosyo.

Pero madalas, nagse-share ang tao ng pekeng impormasyon dahil naloko rin sila nito.

Halimbawa, marami ang nag-share ng isang bagong pag-aaral tungkol daw sa isang lunas sa COVID-19. Maghahalo ka raw ng isang gamot pang-malaria at karaniwang antibiotics. Pero ang hindi nila alam, hindi pa pala sapat ang ebidensya ng pag-aaral na ito.

Ang malala pa, puwedeng magdulot ang nasabing pinaghalong gamot ng komplikasyon sa puso at pagkamatay. Nag-viral ang balitang ito dahil akala ng marami ay nagse-share sila ng kapaki-pakinabang na impormasyon!

Kaya naman kahit mabuti pa ang intensyon mo, maging maingat pa rin sa pagse-share!



Bago mag-share,
tanungin
ang sarili:

KAILANGAN

KO BA

TALAGANG

I-SHARE ITO?

Mag-isip nang maraming beses
bago mag-share ng kahit anong
impormasyon.

Mabuti man ang hangarin mo, baka
makasira ka ng buhay ng ibang tao,
lalo na kung wala kang alam sa
impormasyong sine-share mo. Oo,
kahit pa eksperto ang tingin mo sa
nagbigay ng impormasyon.

HULI KA!

Kilalanin ang pekeng
impormasyon

**Sino ang pinang-
galingan ng
impormasyon?**

Mapagkakatiwalaan
ba ang website o ang
taong ito?

PAALALA: Kahit na
mapagkakatiwalaan
ang pinanggalingan ng
impormasyon, i-double
check mo pa rin ito.

**I-check ang
petsa.**

Minsan, nagse-share ang
mga tao ng lumang balita
at larawan na puwedeng
akalaing nangyayari sa
kasalukuyan.

FEZBUK

www.fezbuk.

 **KA**

Ang mga

#makialam #

250 likes



Pedro

Kumpirma



THE

**NAGBAB
BALITA!**

**PUMUTOK
ANG
BULKANG**

Tumingin sa higit sa isang sanggunian.

Puwede ka ring gumamit ng search engine tulad ng Google para makita kung nasa mapagkakatiwalaang sites din ang parehong balita. Kung hindi ibinabalita ng mga kilala at katiwa-tiwalang sites ang ulat, malamang ay peke ito. I-search ang pamagat ng artikulo para malaman kung natukoy na ba ito bilang false news ng mainstream media o mga fact-checking na organisasyon tulad ng Snopes.



Nakakapukaw ba ng damdamin ang headline? Nakakabigla ba ang mga imahe?

Nakaramdam ka ba ng matinding tuwa, galit, o takot? Nagiging viral ang maling impormasyon dahil pinaglalaruan nito ang mga damdamin natin. Bantayan ang damdamin para mabantayan ang totoo sa nababasa natin.

Suriin ang kalidad ng mga imahe at salita.

Kung ang pinagmumulan ng ulat ay mapagkakatiwalaang mamamahayag o organisasyong tagapagbalita, hindi karaniwan ang paulit-ulit na pagkakamali sa pagsusulat tulad ng sablay na baybay o gramatika.

Ipinapakita ba ng artikulo ang lahat ng panig ng isyu?

Kung iisang panig lang ang ipinapakita nito, tandaang hindi mo nakikita ang buong kuwento.

Maging malay sa iyong mga bias o kinikilingan.

Mahirap ito, pero tandaan mong maraming impormasyon tungkol sa iyo ang alam ng social media sites, at madalas ay ipapakita nila sa iyo ang mga balitang alam nilang magugustuhan mo, kahit pa hindi ito totoo.

Tingnan ang URL bago mo ito pindutin o i-click.

Minsan, pinepeke ng mga scammer ang mga web address ng lehitimong negosyo para lokohin kang i-click ang mga ito. Tingnan kung tama ang spelling. Kahit kaunti lang ang pagkakaiba, dadalhin ka pa rin nito sa website na impostor o ginaya lang.

6:13 AM

WWW.TWIMTER.COM

Maligayang Pagbabalik!

BAGONG POST

MGA GROUPS MO

- Anti-Bicycle Club
- No To Bikes
- Bike Ban
- Netizens VS Bike Lanes

MAGUGUSTUHAN MO RIN

BEEP!!!

JUNE 13 7AM

Pambansang Araw ng Pagbusina sa Lahat ng Bikers

MAG-REGISTER

POSTED SA GROUP MO

ANTI-BICYCLE CLUB

Juan ★ ADMIN

Hello mga kagrupo, andito na ang resulta ng survey! #landslidevictory

PINAKAMAGALING NA SASAKYAN

- KOTSE 95%
- BISIKLETA 5%

1.5k 2

RECENT LIKES

JOEBHERT @smokelover

Bike lanes = sayang na espasyo.

TITA SUSANN @bikeyuck

Di na kailangang multahan ang smoke belchers.

CONGRATULATIONS !!!

KUNIN ANG KOTSE MO SA WWW.FREECAR.COM/75AIV14NSSS

FACT

Bagay na napatunayan nang totoo.

VS

FACTUAL STATEMENTS

Mga pahayag na puwedeng mapatunayang totoo o hindi.

VS

OPINYON

**Pahayag ng ideya, pananaw, o paniniwala ng isang tao.
Puwede kang sumang-ayon o hindi sumang-ayon sa isang opinyon.**

Ang impormasyon ay puwedeng manggaling

KAHIT SAAN:

internet, radyo, telebisyon, mga aklat, pahayagan

Kung alam mong tukuyin ang pagkakaiba ng

FACT

at

OPINYON

mas madali mong matutukoy kung ano ang **TOTOO** o **NANLOLOKO**.

Ang **fact** ay bagay na **napatunayang totoo.**

Halimbawa, ang pahayag na “Ang COVID-19 ay isang nakakahawang sakit dulot ng virus” ay isang fact. May napakatibay na ebidensya ang mga siyentista na ang COVID-19 ay isang virus, na puwedeng magkasakit ang mga tao dahil dito, at ang mga maysakit ay puwedeng makahawa ng ibang tao.

Pero ang fact ay iba sa **factual statement.**

Ang factual statement ay hindi basta pahayag na nagsasabi ng facts. Isa itong pahayag na **puwedeng mapatunayang totoo o hindi, gamit ang facts.**

Ibig sabihin, ang mga pahayag na “Masama ang paninigarilyo sa kalusugan” at “Patag ang daigdig” ay parehong factual statements. Pero kung aaralin natin ang facts, malalaman nating ang unang pahayag ay totoo, samantalang ang pangalawa ay hindi totoo. Puwede tayong tumutol sa isang factual statement kung makapagbibigay tayo ng kongkretong ebidensya para pabulaanan ito.

Ang mga **opinyon** ay **personal at walang tama o mali.**

Nasa iyo kung sasang-ayon ka o hindi sa isang opinyon tulad ng “Mas maganda ang pop music noong 1980s kaysa ngayon.” Magkakaroon ng iba’t ibang pananaw ang mga tao sa paksang ito. Walang basehan para sabihing ang isang tao ay tama o mali, kahit pa may mas pinapanigan ka.

LAGING TANUNGIN ANG SARILI

Masasaliksik ko ba kung ang pahayag na ito ay totoo o hindi?

Ang opinyon ba niya ay batay sa facts?



TINGNAN ANG LITRATO NG PUSA.

Mag-isip ng facts at mga opinyon tungkol sa litrato.




Puwedeng kasama sa ilang **facts** ang:

- Dilaw ang mga mata ng pusa.
- Nakasombrerong pang-party ang pusa.
- May cupcake na may kandilang kulay rosas.

Ang ilang **opinyon** na puwedeng lumabas tungkol sa litrato ay:

- Ang cute ng pusa.
- Mas cute sana kung nakakatawang litrato na lang ng aso.
- Mukhang pilyo ang pusa.

Kung alam mong pag-ibahin ang fact at opinyon, kaya mong mag-isip nang malaya, at mas mahirap kang malinlang ng fake news o maling impormasyon.



Kaya mo bang tukuyin kung alin ang Factual Statement at kung alin ang Opinyon?

Isulat sa tabi ng pahayag ang **F** kung factual ang pangungusap at **O** kung opinyon.



Naging mabuting pangulo si Pang. Cory Aquino.

Kapag marunong ang batang magbasa, makakatulong ito para maging produktibo siyang mamamayan.

A B C

Naipapakita ng Estados Unidos na mas pinapahalagahan nila ang mga karapatang pantao kaysa Tsina.



Bababa ang polusyon at ingay kung kakaunti ang mga sasakyan sa kalsada.



Bagay na bagay ang queso de bola sa mainit na pandesal.



Dapat magpakasal muna ang magkasintahan bago magkaanak.



Mas maraming Pilipino ang nangingibang-bansa ngayon kumpara noong nakaraang sampung taon.



Mas makakabuti kung ang mga sasakyan at kung na lang ang lahat.

**KARAPATAN MONG MAG
MONG OPINYON NGUNIT HI**

Mas maraming tao sa henerasyon ko ang gumagamit ng Instagram kaysa Facebook.



Panahon na para payagan ng Simbahang Katoliko Romanong magpari ang mga kababaihan.



Dapat maging handa ang pamahalaan natin sa posibilidad ng pagkakaroon ng panibagong pandemya sa hinaharap.



Ang paninigarilyo ay masama sa kalusugan.



Kakaibang pangalan ang Tisoy para sa isang bagyo.



Nakatungtong ang tao sa buwan noong 1969.



ipagbabawal magbibisikleta



Napakagaling na manunulat ni Jose Rizal. Patunay nito ang dalawang librong isinulat niya, ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo, na binabasa pa rin hanggang ngayon.



**KARON NG SARILI
NDI NG SARILI MONG FACTS.**

Daniel Patrick Moynihan

MGA LIHAM



MULA SA

MGA

EKSPERTO



POLITIKA

Ipagtanggol ang demokrasya sa fake news at maling impormasyon

Atty. Luie Guia

KALUSUGAN

Lahat tayo ay bahagi ng solusyon.

Dr. Edsel Salvana

SIYENSYA

Magtiwala sa siyensya. Bantayan ang katotohanan.

Dr. Reina Reyes
Dr. Jacklyn Cleofas

MEDIA

Kaya at dapat mong labanan ang fake news at maling impormasyon.

Dr. Clarissa David

Ipagtanggol ang demokrasya sa fake news at maling impormasyon



Atty. Luie Guia

Alam nating nabubuhay tayo sa isang demokrasya dahil sa sapat na gulang, puwede tayong bumoto. Puwede nating piliin ang mga taong mamumuno sa ating bansa at mga komunidad. Maaari din nating piliin ang mga pinunong titiyak na ligtas ang mga pamayanan natin at regular na nakukuha ang basura.

Sa isang demokrasya, walang sinumang puwedeng mag-alis ng karapatan nating bumoto. Isa itong karapatang pantao. Ayon sa Artikulo 21 ng Universal Declaration on Human Rights (UDHR), “May karapatan ang bawat isa na lumahok sa pamahalaan ng kanyang bansa, direkta man o sa pamamagitan ng pagpili ng kanyang mga kinatawan.”

Si **Atty. Luie Guia** ay kilalang electoral reform specialist sa bansa at naging Commissioner ng Philippine Commission on Elections mula 2013 hanggang 2020.

Ngunit kahit hindi ito nakasulat, may karapatan tayong bumoto. Likas ito sa atin.



Ayon sa International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), ang bawat mamamayan, anuman ang kanyang “lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, opinyon, pinagmulang bansa o kultura, pag-aari, kapanganakan, o estado,” ay may karapatang bumoto at iboto.

Muli, kahit pa hindi ito nakasulat, may karapatang bumoto ang bawat isang nasa tamang gulang.

Bago bumoto, kilalaning maigi ang mga kandidato. Alamin ang kanilang pinagmulan, personal na paniniwala, mga pinahalagahan at prinsipyo, mga opinyon sa mahahalagang isyu, karanasan sa trabaho, at iba pang impormasyon. Sayang ang ating boto kung hindi natin alam ang tamang impormasyon. Baka maling mga tao ang maihalal natin.

Mas madali nang kumuha ng impormasyon dahil sa mga pagsulong sa teknolohiya. Sa ilang pindot sa screen, makakabasa tayo ng impormasyon tungkol sa mga kandidato. Puwedeng makita ang impormasyon sa iba’t ibang website at sa social media. Maski ang mga tumatakbo ay may sarili nilang account sa social media!

Ngunit hindi lahat ng kandidato ay mapagkakatiwalaan. Ang iba, gagawin ang kahit ano para makuha ang boto natin. Puwede silang magbayad ng mga tao para magsulat ng magagandang bagay tungkol sa kanila, kahit hindi ito totoo. Puwede rin silang mag-post ng mga bagay na hindi naman totoo tungkol sa sarili nila, tulad ng mga gantimpalang hindi naman talaga nila napanalunan o magagandang proyektong hindi naman nila ginawa. Maaaring magsinungaling gamit ang “deepfakes” o mga litrato at video na inedit, tulad ng pagpapakita ng kandidatong namimigay ng relief goods sa lugar na hindi naman niya napuntahan kahit kailan!


Puwedeng i-like o i-share ang impormasyong ito ng mga taong hindi naman ito kinumpirma. Bilang resulta, naloloko sila at nakapagpapakalat pa ng maling impormasyon, na maaaring maging dahilan para iboto ng ibang tao ang maling kandidato.

Mapanganib sa demokrasya natin ang pekeng balita at maling impormasyon dahil niloloko tayo nito at hinahayaan tayong makabuo ng mga opinyong malayo sa katotohanan. Halimbawa, para mapaniwala tayong lumalabag ang mga Pilipino sa quarantine rules, papadalhan tayo ng litrato ng mga taong nagsisiksikan sa kalye; pero ang totoo, kinunan ito bago pa mag-quarantine!



Sama-sama, kaya nating ipagtanggol ang demokrasya natin sa pamamagitan ng sumusunod:

- Tiyakin ang impormasyon. Bago paniwalaan ang impormasyon tungkol sa isang kandidato, tanungin kung saan ito nanggaling. Galing ba ito sa katiwa-tiwalang organisasyon? Sino ang nag-share nito?
- Iwasan ang pagkakalat ng maling impormasyon. Kung nakuha natin ang impormasyon sa posts o tweets, huwag kaagad i-share. Mag-fact-check ka muna.
- Kung may pag-aalinlangan, magtanong sa magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda. Dahil mas matagal na silang nabubuhay, baka mas alam nila kung ang isang kandidato ay may kontrobersyal na kasaysayan o di kaya'y may itinataro sa panahon ng kampanya. Puwede kayong sabay na magsaliksik sa internet para malaman kung dapat nga bang iboto ang mga kandidato.



Tandaan, nagkalat ang maling impormasyon. Kung mapoprotektahan mo ang iyong sarili mula rito, mapoprotektahan mo rin ang kinabukasan ng ating bansa. ★

KALUSUGAN

Lahat tayo ay bahagi ng solusyon.

Dr. Edsel Salvana



*Si **Dr. Edsel Salvana** ay eksperto sa mga nakakahawang sakit, molecular epidemiology, at Direktor ng Institute of Molecular Biology and Biotechnology sa National Institutes of Health sa Unibersidad ng Pilipinas-Manila. Miyembro siya ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) technical advisory group ng pamahalaan.*

Maaalala ang 2020 sa kasaysayan bilang taon kung kailan idineklara ang mga lockdown sa halos lahat ng bahagi ng Pilipinas, at sa halos lahat din ng mga bansa sa buong mundo. Maaalala ang taong ito bilang taon kung kailan natin natutunan ang social distancing, at kung kailan nagkaroon tayo ng mas mabuting pagpapahalaga sa masusustansyang pagkain, pag-inom ng mga bitamina, at madalas na paghuhugas ng kamay.

Mas nakikita natin ngayon kung gaano kalaki ang papel ng internet sa mga buhay natin. Bukod sa pagbibigay sa atin ng kakayahang mag-video chat at maglaro kasama ng ating mga kaibigan, naging sanggunian din natin ito para sa mahahalagang impormasyon tungkol sa COVID-19.

Bagaman malaki ang naging tulong sa atin ng internet, dahil rin dito, naging posible ang pagkalat ng fake news at maling impormasyon sa mga website, social media, email, at messaging apps. Napakadaling mag-copy-paste at mag-share ng fake news. Ito ang malungkot na katotohanan. Gayunman, pagkakataon din ito para kumilos tayo.

Maaari tayong maging tagapagbantay ng katotohanan sa internet. Puwede nating ipagtanggol ang ating mga kaibigan, mahal sa buhay, kababayan, at buong mundo laban sa fake news na nagtatanim ng takot, galit, at kamangmangan. Kaya natin itong gawin mula sa ating mga tahanan.

Heto ang ilang mga bagay na puwede mong gawin para hindi mabiktima—o mas malala pa, maging tagapagpalaganap—ng fake news:

- Tandaang ang mga balitang anonymous ang nagsulat o hindi mahanap ang sources ay malamang na fake. Huwag na huwag mag-share ng mga balitang mga “reputable informants” o taong may “inside knowledge” ang tanging pinanggagalingan ng kagila-gilalas na pagbubunyag.
- Tingnan ang pinagmulan ng balita. Kung galing ito sa “ufoconspiracyexperts.com” o “aliensarereal.net,” malamang, hindi ito mapagkakatiwalaan. Yun na.




- Ang mga headline o pahayag na sensational (sobrang madamdamin) o depenetibo (masyadong sigurado) ay malamang na misinterpretasyon. Halimbawa, mali ang headline na “Ligtas sa COVID-19 ang mga teenager.” Kahit na maliit ang posibilidad na makaranas ng malalang sintomas ng COVID-19 ang mga teenager, puwede pa rin nilang makuha ang virus. Ang probabilidad na magkaroon ang teenager ng COVID-19 ay parehas lamang sa ibang edad, at puwede pa rin silang makahawa ng iba. Sa kasamaang palad, hindi kapansin-pansin at kailangan ng masusing pananaliksik at pagsisiyasat para malaman ang mga detalyeng ito. Pagdating sa mga emergency na medikal o ibang mga masalimuot na sitwasyon, mas mabuti nang maging lalong maingat at kumonsulta sa eksperto bago mag-share ng kahit ano.
- Laging tingnan ang petsa ng artikulo. Maraming naloloko sa lumang artikulo. May mga lumang balita o impormasyon na baka napabulaanan na ng mas bagong impormasyon.
- Alamin kung sino ang nagsulat ng artikulo. Intindihin ang pagkakaiba ng isang news report na mula sa mapagkakatiwalaang source at ng isang kolum o sanaysay na nagpapahayag ng opinyon na hindi kinakailangang i-fact-check ng mga pinagkakatiwalaang publikasyon.

Ang pandemya ng coronavirus ay hindi ang una, at marahil ay hindi rin ang huling pandaigdigang krisis sa kalusugan na mararanasan natin. Sa panahon ng lockdown, nakatulong ang internet para ipaalam sa lahat ang kahalagahan ng pananatili sa bahay, pagpapanatili ng distansya, at madalas na paghuhugas ng kamay.

Ngunit kung anong bilis kumalat ng mahalaga, tumpak, at totoong impormasyon ay gayundin ang peke, di-tumpak, at lumang balita. May mga mapanganib itong epekto tulad ng pag-inom ng mga tao ng mga nakakalasang kemikal sa pag-aakalang mapoprotektahan sila ng mga ito sa COVID-19. Dahil hindi pa kayang tukuyin at paghiwalayin ng internet ang fact mula sa imbento at alisin ang huli, nakasalalay sa atin ang tungkuling maging mapagmatyag at mabusisi.

Lahat tayo ay puwedeng maging bahagi ng solusyon.

Kailangan nating aktibong labanan ang maling impormasyon. Tulad ng pagnanais nating tuldukan ang mga pandemya, kailangan din nating sama-samang kumilos upang wakasan ang fake news. ★



Magtiwala sa siyensya. Bantayan ang katotohanan.

Dr. Reina Reyes
Dr. Jacklyn Cleofas

Mahal naming mga kabataan,

Balita namin na ang ilan sa inyo ay nag-aalala na malinlang ng fake news.

Naiintindihan namin ito. Pinapahalagahan din ito ng matatanda, pati na rin ng mga taong inyong tinitingala.

Malaking bahagi nito ang mismong paggana ng utak natin. Sadyang kumakapit ang mga utak natin sa mga bagay na dati na nating pinaniniwalaan. Humahanap tayo ng mga patibay sa pinaniniwalaan natin at mga pangsalungat naman sa mga hindi natin pinaniniwalaan.

“Confirmation bias” ang tawag dito ng mga sikolohista. Inilalarawan ito ng APA Dictionary of Psychology bilang “ugaling kumalap ng ebidensya na kumukumpirma sa mga inaasahan, karaniwang sa paraan ng pagbibigay-diin sa ebidensyang magpapatibay sa pinaniniwalaan o sa paghahanap ng ebidensyang sumusuporta sa paniniwala, o sa pagtangging maghanap ng ebidensyang sasalungat sa pinaniniwalaan.”



Si **Dr. Reina Reyes** ay siyentista, guro, at mamamahayag ng siyensya. Nagtuturo siya ng Physics sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at ibinabahagi niya ang kanyang kaalaman at pagmamahal sa siyensya sa “Science Says” (Knowledge Channel), Radyo Turo Guro (DZRJ), at YouTube @DrReinaReyes.

Si **Dr. Jacklyn A. Cleofas** ay Assistant Professor ng Pilosopiya sa Unibersidad ng Ateneo de Manila. Dalubhasa siya sa etika, partikular sa sikolohiyang moral at applied ethics. Pinag-aaralan din niya ang Asian Philosophy, partikular ang mga ideya ni Confucius at ang Pilosopiyang Filipino.



Ito rin ang dahilan kung bakit madalas nating hindi pansinin ang mga kuwento at balitang hindi natin gusto o pinaniniwalaan, kahit totoo ang mga ito.

Kaakit-akit—at mapanganib—ang fake news dahil laging may taong gustong maniwala rito.

May ibang nagre-repost ng fake news na nagsasabing hindi naman daw talaga nakatungtong ang tao sa buwan, kahit maraming ebidensyang nagpapatibay sa katotohanan nito. May iba pa ngang naniniwalang patag ang daigdig!

Marami pa ring mga taong hindi naniniwala na ang climate change ay dulot ng mga gawain ng tao, kahit na marami na itong ebidensya at napatotohanan na ng siyensya.

Napag-alaman ng Intergovernmental Panel on Climate Change ng United Nations, kasama ng maraming mga siyentista sa buong mundo, na ang climate change ay totoo, at ang mga gawain ng tao ang pangunahing sanhi nito. Mula pa noong Rebolusyong Industriyal, dumarami na ang naiipong greenhouse gases sa atmospera ng ating planeta. Kasabay nito ang pagtaas ng average na temperatura ng daigdig.

Ang carbon dioxide, na bumubuo ng $\frac{2}{3}$ (dalawang katlo) ng greenhouse gases, ay produkto ng pagsusunog ng fossil fuels.

Umiinit ang ating mga karagatan, natutunaw ang ating ice sheets, tumataas ang lebel ng dagat, ngunit marami pa ring nagbubulag-bulagan sa climate change.

Kung hindi naniniwala ang isang tao sa climate change o na nakatungtong na tayo sa buwan, malamang na magse-share rin siya ng fake news na sumusuporta sa mga paniniwalang ito. At kung madalas silang magbasa at magkalat ng fake news, mas humihigpit din ang kapit nila sa mali nilang mga paniniwala.

Napakasama ng puwedeng maging epekto nito. Kung mabasa ng mga tao ang maling posts at wala sila gaanong alam dito, baka paniwalaan nila ito. Baka lalong hindi tumigil ang mga tao sa mga gawaing nakakasama sa kalikasan.

Dahil dito, puwedeng mabigo ang mga pamahalaan sa paggawa ng mga polisiya at batas para pangalagaan ang kalikasan, at ikasasama ito ng henerasyon mo at ng mga susunod pa.

Ano ang puwede nating gawin?

Ngayong alam nating kaya rin tayong paglaruan ng ating mga utak, puwede ka nang maging mas maingat sa kung anong balita ang tatanggapin mo base sa iyong narinig o nabasa.

Bilang mga siyentista at mananaliksik, natutuhan na namin kung paano suyurin ang napakaraming impormasyon at husgahan kung naaayon ang mga ito sa tamang katwiran at ebidensya. Hindi kami basta-basta naniniwala.

Kahit pa mga eksperto na kami, mahabang panahon at masidhing pagsisikap ang ginugugol namin dito. Kailangan naming magbasa ng maraming pag-aaral at pananaliksik tungkol sa paksa, makinig nang mabuti sa mga eksperto sa larangan, at suriin ang mga nababasa namin ayon sa aming sariling pagkaunawa. Bago ilathala ng kahit anong scientific journal ang isang pag-aaral, kailangan dumaan sa peer review ang naisulat. Mahaba itong proseso ng masusing pagbabasa ng ibang mga siyentista.

Kailangan naming unawain, hindi lang ang “ano,” ngunit pati na rin ang “paano” at ang “bakit.”

Tinatanong namin: Paano natin nalalaman ang nalalaman natin? Ano ang mga bagay na nauunawaan na natin nang mabuti, at ano naman ang mga bagay na kailangan nating mas saliksikin?

Kaya mo ring simulan ito.

Sa susunod na makakita ka ng post tungkol sa isang paksang interesado ka, labanan mo ang udyok na i-share ito kaagad. Maging mapag-usisa at alamin ang iba pang mga bagay. Maglaan ng oras para magbasa pa lalo tungkol sa paksa.

Magtanong at huwag basta paniwalaan ang lahat ng nabasa. Maging alerto kahit sa mga sarili mong ideya. Makikita mong ang mga bagay na kampante kang alam mo na ay singrami pala ng mga bagay na hindi mo pa ganoon kasigurado o lubusang nauunawaan.

Matutuklasan mong puwede kang makibahagi sa paglalakbay na ito sa paghahanap ng pag-unawa. Sa totoo lang, sa pamamagitan ng pagbabasa at pagtatanong ay bahagi ka na nito!

Ngayon, puwede mo nang ibahagi at ipaliwanag sa iba kung ano ang natutuhan mo, ano ang pinaniniwalaan mo at bakit, at kung paano nagbago ang mga pinaniniwalaan mo matapos ang malalim na saliksik. Kung mahahanap mo ang sarili mong boses, puwede mo ring gabayan ang iba na gawin iyon.

Sa panahon ng fake news kung saan mahirap makita ang totoo, nagiging tungkuling moral ang maging bantay ng katotohanan, bantay ng kung ano ang makatarungan, at bantay ng kung ano ang tunay na mahalaga.

Wala kaming duda na kaya mong bigyang-linaw ang dapat na pagtuunan ng pansin ng ating bansa at mundo. Hinihimok at ipinagdiriwang ka ng mga nauna sa iyo, at ang mga susunod sa iyo ay habambuhay na magpapasalamat. ★



Kaya mo at dapat mong labanan ang fake news at maling impormasyon.

Dr. Clarissa David



Si **Dr. Clarissa David** ay propesor sa Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon ng Unibersidad ng Pilipinas. Nagdadalubhasa siya sa pananaliksik sa komunikasyong politikal at mga epekto ng news media.



Tinuruan tayo, ikaw at ako, ng ating mga magulang, guro, at nakatatanda na huwag magsinungaling. Masama ang magsinungaling. Kung mahuli kang nagsisinungaling, pinaparusahan ka.

Bakit ganito? Bakit masamang magsinungaling?

Ang paniniwala sa fake news at ang pagkakalat nito ay hindi maganda sa pangalan mo. Simple lang—hindi mapagkakatiwalaan ang taong sinungaling. Mahirap mabuhay at gumalaw sa isang mundo kung saan hindi natin mapagkakatiwalaan ang mga tao at ang mga impormasyon na pumapalibot sa atin. Kung hindi ka maaasahang magsabi ng totoo, mahihirapan kang makahanap ng makakatrabaho o kaibigan.

Ang pagkakalat ng fake news ay di lamang tunay na nakakapahamak, pinapakita rin nito ang ugali ng taong nagkakalat ng fake news at ang kakulangan niya sa pagsusuri ng mali sa totoo. Ngunit maiiwasan ang lahat ng ito kung susuriin mo muna nang mabuti ang balak mong i-share, o kaya'y huwag na lang i-share kung hindi ka sigurado.



Mas malala at mas kumplikado sa internet. Kung alam ng isang tao na hindi totoo ang isang bagay o kaya'y may maling impormasyon dito at ipinagkakalat pa rin niya ito, pagsisinungaling ang tawag dito. Ngunit kung nag-share sila ng maling impormasyon dahil napaniwala sila nito, biktima rin sila. Sa kasamaang palad, kahit di nila sinasadya, nagmumukha rin silang hindi katiwa-tiwala.

Heto ang ilang payo para maiwasan ang ganitong sitwasyon:

1 Mahalagang maging tumpak o accurate.

Narinig mo na siguro ito: “Karapatan mong magkaroon ng sarili mong opinyon, ngunit hindi ng sarili mong katotohanan.” Ang facts at impormasyon ay hindi kapareho ng opinyon. Madalas na mali, hindi tumpak, o hindi lubusang totoo ang impormasyong nasa fake news. O puwede ring opinyon lamang ang mga ito. Dapat mong alamin ang pagkakaiba.

Madalas, kung sarado ang Pilipino sa politikal niyang opinyon, pinagdududahan o pinaghihinalaan nila ang news media. Iniisip nilang sa news media mismo nanggagaling ang fake news, kaya sa bloggers at mga sikat na tao sa Facebook sila nakikinig. Dahil sa palakad ng Facebook, ipinapakita lang sa kanila ang pananaw na sinasang-ayunan nila, nakalapat man ito o hindi sa katotohanan.

Ngunit napakahalaga ng katumpakan (accuracy), lalo na sa mga panahon ng matinding ligalig, halimbawa kapag may bagyo, pagbagsak ng ekonomiya, o pandaigdigang pandemya. Sa usapin

ng medisina, agham, sakuna, at marami pang ibang sitwasyon, puwedeng buhay ang nakataya sa factual na impormasyon. Napakahalaga na ang pinanggagalingan ng impormasyon mo ay maaasahan at mapagkakatiwalaan. Hindi dapat tanggapin lang ang fake news bilang likas na bahagi ng social media; nararanasan natin ang mga epekto nito.

Kapag tinanggap natin na may kanya-kanya tayong katotohanan at walang pinag-iba ang facts sa opinyon, mas madali tayong maloloko. Ipinapahamak natin hindi lang ang sarili, pero kahit ang ating kapwa.

2 Maging bukas sa mga ideya, impormasyon, at opinyon na baka hindi natin gusto.

Ang diskusyon, debate, at mga hindi pagkakasundo ay mahalagang bahagi ng demokrasya at tumutulong sa ating marating ang katotohanan. Kung hindi natin kakausapin ang isa't isa, hindi natin makikita ang nakikita nila. Mahalagang manatiling bukas ang mga tainga at isipan, handang makinig sa impormasyon kahit na puwede nitong patunayang hindi totoo mga sarili mong paniniwala.


3 Hindi laging mabuti na magkasundong hindi magkasundo.

Kung bukas ka sa mga ideyang iba o salungat sa mga ideya mo, dapat ka ring maging handang manindigan at magpuna sa iba kapag ang mga mali nilang paniniwala ay magdudulot ng pinsala sa iba. Marami sa atin ang nailang sa maiinit na diskusyon o debate. Takot tayong masaktan ang damdamin ng iba, lalo na kung kaibigan. Takot din tayong magmukhang walang katwiran o sobrang opinyonado.

accurate

**tama at kumpleto lahat
ng detalye, gaano man kaliit**





Halimbawa, naniniwala ang ibang tao na mapanganib ang mga bakuna kahit pa napakarami ng ebidensyang siyentipiko para patunayang ligtas ang mga ito. May ibang nagsasabing hindi totoo ang climate change kahit na halos ang buong komunidad ng mga siyentista ay nagsasabing nangyayari na ito at kailangan nating gumawa ng malalaking hakbang para maawat ang mga epekto nito. Meron ding mga tao na abalang-abala ngayon sa tangkang baguhin o isulat muli ang kasaysayan, at sinasabi nilang hindi raw totoo ang mga karumaldumal na pang-aabuso at bilyon-bilyong kinulimbat ng Rehimeng Marcos. Paano matututuhan ng kabataan natin ang mga aral ng kasaysayan kung ang mismong kasaysayan ay pinagtatalunan?

Laging magtiwala sa siyensya at facts, at dumulog sa mga ekspertong mapagkakatiwalaan. Hawak ang makatotohanang impormasyon, lumaban at manindigan! Minsan, lalo lang tumitibay ang isang kasinungalingan kung mananatili tayong tahimik, o kung tatanggapin na lang nating hindi talaga magkakasundo ang magkakaibang panig.

4 Basahin ang buong artikulo o ulat, hindi lang ang pamagat.

Isa sa mga pinakamainam na paraan para hindi ka maloko ng fake news ay ang pagbabasa ng buong artikulo ng balita. Sa ganitong paraan, makakakuha ka ng mas maraming impormasyon na magagamit mo para timbangin kung ang pamagat at ang interpretasyon nito ay tunay o makatwiran.

Habang tumatagal, mas matutuklasan mo kung aling mga sanggunian ang mapagkakatiwalaan. Laging itanong sa sarili: Sino ang sumulat nito? Bakit ito isinulat? Ano ang layunin nito?

Maging maingat sa motibo o layunin ng mga tao. Ang motibo ng news organizations ay kumita para maipagpatuloy ang ginagawa nila. Layunin naman ng iba na maging tapat at maaasahan

sa pag-uulat ng katotohanan. Ngunit may iba namang nagsusulat ng mga pamagat o headlines na talagang nakakasindak, para makahuli ng mga magki-click, magbabasa, at magse-share ng mga bagay na hindi totoo o nakakalito.

Madaling maloko, pero madali ring makakilala ng nanloloko kung alerto ka sa fake news. Kasanayan itong mapapahusay kung laging gagawin, kaya ipagpatuloy mo lang!


5 Maging mabuti—magpakumbaba.

Isang huling payo—manatiling mapagpakumbaba. Gaano man tayo kaingat, gaano man tayo kadalubhasa sa isang bagay, o gaano man tayo kaedukado, magkakamali at magkakamali pa rin tayo.

Kung minsan, mahirap tukuyin ang peke sa totoo, lalo na kung propesyonal ang pagkaka-gawa ng maling impormasyon. Ang pekeng balita ay puwedeng lagyan ng logo at pangalan ng isang diyaryo, at ang mga pekeng website naman ay sinasadyang ayusin para magmukhang lehitimong ulat.

Ako man ay nagkamali na sa mga ganito. Napuna na ako ng mga kaibigan, at nagbura na rin ako ng mga posts at inaming mali ako. Sa ganitong paraan, tinutulungan kong bumagal ang pagkalat ng maling balita, ngunit tumatayo rin akong halimbawa na walang masama kung aaminin mo ang iyong mga pagkakamali at sisikaping itama ang mga ito.

Nasa atin kung makikitungo tayo nang mabuti. Kahit pa gaano kagarapal ang kasinungalingan, gaano pa nakakagalit ang nakikita mo online, laging kumilos nang may respeto. Dahil dito, mas igagalang ka, lalo na ng mga taong tunay na mahalaga. ★



Saan nagkaiba? PAHINA 16



MGA SAGOT!



MGA SAGOT!

Ano ang salitang ito sa Ingles? PAHINA 18



MGA SAGOT!

Factual statement o opinion PAHINA 28

O Naging mabuting pangulo si Pang. Cory Aquino.

F Kapag marunong ang batang magbasa, makakatulong ito para maging produktibo siyang mamamayan.

F Naipapakita ng Estados Unidos na mas pinapahalagahan nila ang mga karapatang pantao kaysa Tsina.

F Mas maraming tao sa henerasyon ko ang gumagamit ng Instagram kaysa Facebook.

O Panahon na para payagan ng Simbahang Katoliko Romanong magpari ang mga kababaihan.

F Bababa ang polusyon at ingay kung kakaunti ang mga sasakyan sa kalsada.

A B C Dapat magpakasal muna ang magkasintahan bago magkaanak.

F Mas maraming Pilipino ang nangingibang-bansa ngayon kumpara noong nakaraang sampung taon.

F Kakaibang pangalan ang Tisoy para sa isang bagyo.

O Dapat maging handa ang pamahalaan natin sa posibilidad ng pagkakaroon ng panibagong pandemya sa hinaharap.

F Ang paninigarilyo ay masama sa kalusugan.

O Bagay na bagay ang quezo de bola sa mainit na pandesal.

O Mas makakabuti kung ipagbabawal ang mga sasakyan at kung magbibisikleta na lang ang lahat.

O Napakagaling na manunulat ni Jose Rizal. Patunay nito ang dalawang librong isinulat niya, ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo, na binabasa pa rin hanggang ngayon.

F Nakatungtong ang tao sa buwan noong 1969.



Naniniwala ang CANVAS, isang organisasyong nonprofit, na kaya ng sining ng Pilipinas na lumikha ng mga posibilidad, magbukas ng talakayan, at pumukaw ng makabuluhang pagbabago. Mula 2005, nagtatrabaho ang CANVAS kasama ang malikhaing komunidad para pasiglahin ang pagbabasa ng mga bata, magsiyasat ng pambansang pagkakakilanlan, at mapalawak ang kamalayang pampubliko sa sining, kultura, at kalikasan ng Pilipinas.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.canvas.ph

Karapatang-ari sa Pilipinas © 2022
ng
CANVAS - The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ipadala ang lahat ng mga katanungan sa CANVAS:
No.1 Upsilon Dr. Ext. cor. Zuzuarregui St.,
Old Balara, Quezon City, Philippines 1119
info@canvas.ph

#YOUTHINK
Unang limbag sa softcover, 2020
Unang inilathala sa Ingles
Inilathala ng CANVAS - The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development
Inilimbag sa Republika ng Pilipinas
Isinulat ni Gigo Alampay
Disenyo ng libro ng Studio Dialogo
Mga ilustrasyon nina Liza Flores, Abi Goy, Frances Alvarez, at Jamie Bauza
Salin sa Filipino nina Annette Ferrer at Ma. Monica Antonio
Editing sa Filipino ni Ergoe Tinio

Naging posible ang librong ito sa malaking tulong ng Google.

The National Library of the Philippines CIP Data
Alampay, Gigo
#YOUTHINK /
texts, Gigo Alampay; edit and research, Agay Llanera, Ergoe Tinio and Faye Gonzales;
illustrations, Liza Flores, Abi Goy, Frances Alvarez, Jamie Bauza. -- Quezon City: Center
for Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS), [2020], ©2020
pages;cm

ISBN 978-971-9689-55-3

I. Fake news -- Philippines -- Juvenile literature.
2. Information literacy -- Juvenile literature. I. Llanera, Agay.
II. Gonzales, Faye. III. Tinio, Ergoe. IV. Goy, Abi. V. Flores, Liza.
VI. Alvarez, Frances. VII. Bauza, Jamie. VIII. Title.

070.43

PN4784.F27

P020200I39



Mula rin sa CANVAS



**Mahalaga ang personal
mong impormasyon.
Matutong protektahan ito.**

Kumuha ng sariling kopya sa www.lookingforjuan.com